




Paano Ginawa ang Mundo?

Isa sa mga kuwento tungkol sa paglikha ng mundo ay isang kuwento ng matatanda mula sa isla ng Panay.


Bago pa man magkaroon ng langit at lupa, puno ng ulap ang kalawakan. Dito namumuhay ang mag-asawang sina Tungkung Langit at Alunsina.


Si Tungkung Langit ay masipag at mabait na tagapamahala ng kalawakan. Si Alunsina, ang asawa ni Tungkung Langit, ay mapagmahal pero labis na mapag-alala.



Isang araw, nagpaalam si Tungkung Langit kay Alunsina. Pupunta siya sa isang bahagi ng kalawakan para tiyaking maayos ito. Sa sobrang pag-aalala, nagpadala si Alunsina ng kaniyang ulap para bantayan si Tungkung Langit. Nang malaman ito ni Tungkung Langit, labis itong nagdamdam sa asawa. "Wala bang tiwala si Alunsina sa akin?" tanong niya sa sarili. Naging simula ito ng kanilang pag-away.

Isang araw, lumayo na lamang si Alunsina at nagtungo sa di malamang bahagi ng kalawakan.





Lumipas ang maraming araw at pinagsisihan ni Tungkung Langit ang ginawa niya kay Alunsina. Huli na ang lahat para humingi ng tawad sa asawa.

Lumipas pa ang mga buwan, namuhay nang nag-iisa si Tungkung Langit. Hindi na niya nakita si Alunsina.

Isang araw, habang naglalakbay, naisip ni Tungkung Langit na gumawa ng isang malaking palanggana ng tubig sa ilalim ng mga ulap. Nagbabakasakali siyang makita ang imahen ni Alunsina. Ang palangganang ito ang naging dagat. Subalit hindi pa rin nagpakita si Alunsina.

Sa paglipas ng panahon, napansin ni Tungkung Langit ang malungkot na dagat. Bumaba siya mula sa ulap at nilikha ang lupa. Tinaniman niya ito ng mga puno, halaman, at bulaklak.

Kinuha ni Tungkung Langit ang iniingatang mga alahas ni Alunsina at ikinalat sa kalawakan. Nagbabakasakali siyang makita iyon ni Alunsina at kusa itong bumalik. Ang kuwintas ni Alunsina ay naging mga bituin; ang suklay ay naging buwan; at ang kaniyang korona ay naging araw. Subalit,





sa kabila nito, hindi pa rin bumalik si Alunsina.

Hanggang ngayon, naniniwala ang matatanda sa Panay na si Tungkung Langit ay nag-iisa pa rin sa kaniyang kaharian sa kalawakan. Kapag umuulan, si Tungkung Langit ay lumuluha. Kapag kumukulog, si Tungkung Langit ay dumadaing para bumalik ang pinakamamahal niyang si Alunsina.